



Nakatagpo ko si Abraham sa gabi ng pagpapalakbay sa akin [sa langit] at nagsabi ito: O Muḥammad, bigkasin mo sa kalipunan mo mula akin ang pagbati at ipabatid mo sa kanila na ang Paraiso ay kaaya-aya ang lupa, matamis ang tubig, na ito ay malalawak na kapatagan, na ang mga tanim nito ay Subḥāna Ilāh, Alḥamdu lillāh, Lā ilāha illa Ilāhu, at Allāhu akbar. (Napakamaluwalhati ni Allāh, Ang papuri ay ukol kay Allāh, Walang Diyos kundi si Allāh, at Si Allāh ay Pinakadakila.)"Ayon kay Abū Mas`ūd, malugod si Allāh sa kanya: "Nakatagpo ko si Abraham sa gabi ng pagpapalakbay sa akin [sa langit] at nagsabi ito: O Muḥammad, bigkasin mo sa kalipunan mo mula akin ang pagbati at ipabatid mo sa kanila na ang Paraiso ay kaaya-aya ang lupa, matamis ang tubig, na ay ito malalawak na kapatagan, na ang mga tanim nito ay Subḥāna Ilāh, Alḥamdu lillāh, Lā ilāha illa Ilāhu, at Allāhu akbar. (Napakamaluwalhati ni Allāh, Ang papuri ay ukol kay Allāh, Walang Diyos kundi si Allāh, at Si Allāh ay Pinakadakila.)"

Ayon kay Abū Mas`ūd, malugod si Allāh sa kanya: "Nakatagpo ko si Abraham sa gabi ng pagpapalakbay sa akin [sa langit] at nagsabi ito: O Muḥammad, bigkasin mo sa kalipunan mo mula akin ang pagbati at ipabatid mo sa kanila na ang Paraiso ay kaaya-aya ang lupa, matamis ang tubig, na ito ay malalawak na kapatagan, na ang mga tanim nito ay Subḥāna Ilāh, Alḥamdu lillāh, Lā ilāha illa Ilāhu, at Allāhu akbar. (Napakamaluwalhati ni Allāh, Ang papuri ay ukol kay Allāh, Walang Diyos kundi si Allāh, at Si Allāh ay Pinakadakila.)"

Ipinababatid ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na nakatagpo niya si Abraham, sumakanya ang pangangalaga, sa gabi ng pagpapalakbay sa kanya at pagpapaakyat [sa langit]. Ipinabatid nito sa kanya na iparating ang pagbati sa kalipunan niya, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at ipabatid sa kanila na ang Paraiso ay kaaya-aya ang lupa. Nasaad sa ibang mga ḥadīth na ang lupa nito ay asapran gaya ng sa sanaysay ayon kay Imām At-Tirmidhīy nang tinanong ng mga kasamahan, malugod si Allāh sa kanila, ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, tungkol sa Paraiso at nagsabi naman siya: "...at ang lupa nito ay asapran." Sa ganang kay Imām At-Tirmidhīy: "ang lupa nito ay ang wars at ang asapran." Ang "matamis ang tubig" ay nangangahulugang ang tubig nito ay matamis ang lasa gaya ng sinabi ni Allāh (Qur'ān 47:15): "mga ilog ng tubig na hindi nagbabago sa amoy at lasa." Nangangahulugan itong hindi nagbabago dahil sa kaalatan ni sa iba pang dahilan. Kapag ang Paraiso ay kaaya-aya ang lupa at matamis ang tubig, ang mga tanim ay higit na kaaya-aya lalo na at ang mga tanim ay natatamo sa pamamagitan ng mga salitang kaaya-aya, ang mga mananatiling kaaya-aya. Ang "na ito ay malalawak na kapatagan" ay ang mga lugar na malawak at patag na lupa. Ang "mga tanim nito" ay nangangahulugang ang mga itinanim sa malalawak na lupaing ito. Ang "Subḥāna llāh, Alḥamdu lillāh, Lā ilāha illa llāhu, at Allāhu akbar. (Napakamaluwalhati ni Allāh, Ang papuri ay ukol kay Allāh, Walang Diyos kundi si Allāh, at Si Allāh ay Pinakadakila.)" ay nangangahulugang ang mga tanim nito ay ang mga salitang kaaya-aya: ang pagluluwalhati, ang pagpuri, at ang pagpapahayag sa kaisahan ni Allāh. Ang bawat isang nagluwalhati kay Allāh o pumuri sa Kanya o nagpahayag sa kaisahan Niya ay tataniman ng isang puno ng datiles sa Paraiso.

<https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3791>

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

